# KAILANGAN KA UPANG MABILANG ANG LUNGSOD NG NEW YORK!

## Ano ang census?

Binibilang ng census ang bawat taong nakatira sa Estados Unidos.

Nangyayari lamang ito bawat sampung taon.

## Tinutukoy ng census ang:

- Bilyun-bilyong pondo ng pederal para sa pampublikong edukasyon, pangangalaga sa kalusugan, abot-kayang pabahay, imprastruktura, at marami pang iba.
- Bilang ng pwesto ng New York sa Kongreso.
- Kung paano tayo makakagawa ng mahahalagang desisyon tungkol sa lokal na patakaran, mga pang-emergency na serbisyo, pangangalaga sa kalusugan, at marami pang iba batay sa tumpak na data.

### NAAAPEKTUHAN NG CENSUS ANG ATING PATAS NA BAHAGI SA BILYUN-BILYON NA PARA SA:

- Children's Health Insurance Program (CHIP), edukasyon, mga guro, mga kagamitan, at mga programang afterschool, pati na ang para sa mga batang may natatanging pangangailangan at mga nasa mababang kita na sambahayan.
- Edukasyon para sa mga adults, programang pagsasanay sa trabaho, kabilang rin ang mga priyoridad na serbisyo para sa mga beterano, foreign-born, may kapansanan, mga nagkasala sa batas na New Yorker.
- Pag taas ng antas at pag laganap ng programang para sa center ng mga nakatatanda, kabilang ang mga pagkain.
- Tulong sa abot-kayang pabahay (Seksyon 8), pagpapanatili, mga pagkukumpuni, at mga pagpapabuti.

**Iyan ang dahilan kung bakit kailangan nating mabilang ang lahat ng New Yorker.**

Kapag tumugon ka sa census, hinuhubog mo ang kinabukasan ng ating mga komunidad.

Noong 2010, 62% lamang ng New Yorker ang tumugon sa census, na mas mababa sa 76% ng average ng bansa.

**Kung mas maraming New Yorker ang tutugon sa 2020, makukuha natin ang higit pang pera para sa ating mga paaralan, pangangalaga sa kalusugan, at para sa mga programa at serbisyo na inaasahan natin sa araw-araw.**

## Ano ang hinihingi sa census?

- Ilang tao ang naninirahan o nananatili sa iyong tahanan
- Ang kanilang kasarian, edad, lahi at etnisidad
- Kung sarili mo o inuupahan ang iyong tahanan
- Address ng iyong tahanan

**HINDI hinihingi ng 2020 Census ang tungkol sa iyong:**

- *Katayuan ng immigrasyon o pagkamamamayan*
- *Kita/sweldo*
- *Numero ng Social Security*

## Ligtas ang iyong impormasyon!

- Lahat ng sagot ay kumpedensyal, protektado ng batas, at hindi maaaring gamitin laban sa iyo sa anumang paraan.
- Alinsunod sa batas, hindi maaaring ibahagi ng Census Bureau ang anumang personal na impormasyon sa iba pang ahensya ng gobyerno pati na sa tagapagpatupad ng batas.

**Kabilang sa parusa sa paglabag sa batas na ito ang hanggang limang taon na pagkakakulong at $250,000 na multa.**

## Paano pinaghahandaan ng Lungsod ng New York ang census?

Noong 2019, inilunsad ng de Blasio Administration ang NYC Census 2020, ang kauna-unahang uri ng pagsasaayos sa census na inisyatibo para matiyak ang kumpleto at tumpak na bilang ng lahat ng New Yorker sa 2020 Census. Itinatampok ng programang ito ang:

- Ang Pondo ng Lungsod ng New York para sa Kumpletong Bilang, na sinusuportahan ng de Blasio Administration at pondo ng Konseho ng Lungsod, ay namuhunan ng $19 milyon sa pag-aaral sa census at pagpapakilos sa pamamagitan ng mga organisasyon sa komunidad na kilala at pinagkakatiwalaan ng mga New Yorker.
- Mga katuwang na ahensya na sasanib sa lakas ng pwersa ng 350,000 manggagawa ng Lungsod at sa mga pangunahing institusyon ng lungsod, kabilang na ang mga aklatan, mga ospital, at mga institusyon na pang pananampalataya, pangkultura at mga institusyon para sa mataas na pang-edukasyon.
- Pinangungunahan ng Lungsod para sa field at marketing campaign upang maipaalam sa bawat New Yorker. Magboluntaryo sa iyong kapitbahayan: **nyc.gov/census**

## Kailan magsisimula ang census?

**MARSO 12, 2020** my2020census.gov




Sa kauna-unahang pagkakataon, makukumpleto mo ang census online, sa pamamagitan ng koreo, o telepono, sa iba't ibang wika.

Tingnan ang iyong mailbox para sa impormasyon mula sa Census Bureau kung paano sasagutan ang form o mga katanungan.

Magbibigay rin ng tulong sa pagsagot sa form ang bawat sangay ng pampublikong aklatan ng NYC at mga pinagkakatiwalaang organisasyon sa komunidad.

Matuto pa:
**nyc.gov/census**

tl_08